

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga finig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pama-magitan ng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon. Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

Magmula ng maganap ang Great East Japan Earthquake ay mag sa-sampung taon na ang nakalilipas, habang ang reconstruction sa prepektura ng Fukushima ay patuloy na umuusad ay may dumarating ding karagdagang bagay para tahakin. Nang maganap ang mapakalakas na lindol ay bumaba ang halaga ng mga produkto ng Fukushima kaya ang Agriculture, Forestry and Fishery Industries ay nag sagawa ng proyekto upang ipahayag ang kahalihalina at ligtas na produkto para matanggal ang mapaminsalang tsismis na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy paring isinasagawa. Ang Turismo ng prepektura ng Fukushima ay gumawa din ng proyekto upang ipahayag ang kahalihalinang ganda ng "pagkain, bulaklak, hot spring upang mahikayat ang mga turista. Noong 2011 buwan ng Mayo nag-umpisa sa may pamagat na 「Mag-kaisa Fukushima」 na ngayon ay pinamagatang 「Fukushima NOW」 ay nasa ina 3 edisyon na ang special features ay ang mga hakbang para sa reconstruction at revitalization sa prepektura ng Fukushima.



Makipagkumpetensya sa kalidad ! Alak ng Fukushima

Ang sake ay isa sa mga tumatayang pambatong produkto ng prepektura ng Fukushima, dahil sa lindol ang bodega ng alak ay nasira, mayroon ding sake brewer na napilitang lumikas mula sa lugar kung saan nagsimula. Ayon sa usap-usapan, malaki ang ipinag alala ng mga mamimili tungkol sa 「produkto ng Fukushima」 ang brewer ay gumawa ng bagong alak, upang masubok kung gaano kasarap ang bagong gawang alak ito ay isinali sa Annual Japan Sake



Sa Annual Japan Sake Award 2020 ay 33 brands ang nakatanggap ng premyo. (Sa kadahilanan ng pag laganap ng COVID-19 ay hindi isinagawa ang pag pili ng gold prize kundi ipinahayag na lang kung anong brand ang makatatanggap ng premyo.)

Award, ito ay tumanggap ng gold award at ang taun-taong pag kapanalo ng gold ng sake ng Fukushima ay nagdulot ng atraksyon at nakatulong para patalsikin ang mga usap-usapan. Ang pitong taong sunod-sunod na pagkapanalo ng gold award ng produktong sake ng Fukushima sa Annual Japan Sake Award ay kasalukuyan, hindi lamang ang mga mapaminsalang usap-usapan tungkol sa produkto ng Fukushima kundi pati na ang pag PR ng mataas na teknolohiya at kalidad ng mga produkto, ay inaasahang malaki ang maitutulong sa paglawak ng benta ng mga produkto.



Fukushima Trade Promotion Division Council
Langston Hill (galing Amerika)

Abril 2020, pakikipanayam sa kay Mr. Langston Hill ng Fukushima Trade Promotion Division Council ang siyang namumuno sa pag PR ng Sake sa ibang bansa.

Q Paki sabi kung ano ang pang-akit ng Sake.

Ang temperatura nito. Ang Japanese Sake ay puwedeng inuming mainit o maligamgam, ang lasa nito ay nababago depende sa temperatura. Lagyan mo ng prutas ay magiging cocktail, may iba't ibang paraan para masaya mong inumin ang Sake.

Q Ano ba ang papel na ginagampanan ng Sake sa pagtaguyod ng muling pagbangon ng prepektura ng Fukushima?

Para sa akin ay ang pride at pagsusumikap sa pag gawa ng Sake (Fukushima Pride) ang siyang nagiging lakas ng muling pagbangon.

Q Ano ang dahilan kung bakit masarap ang produktong Sake ng Fukushima?

Ang mga katangian ng Sake ng Fukushima ay full-body, light-body, tasty. Ang bigas at ang tubig ay masarap at isinasagawa din ang personnel training kaya "maganda ang bigas, maganda ang tubig, maganda ang ugali ng mga tao" kaya masarap ang Sake.

Q Paki PR ang Sake ng Fukushima.

Tulad ng ipinakitang kakayahang panteknikal sa pitong taong sunod sunod na pagkapanalo ng gold award sa Annual Japan Sake Award ay No.1! Ang nakatanggap ng premyo ngayong taon ay puwedeng matikman sa Fukushima Product Promotion Center West Exit ng Fukushima station. Ang Sake ay may kanya kanyang lasa kaya paki subukan ang maaayon sa inyong panlasa..

Pananaliksik tungkol sa kapaligiran at radyasyon Ms. Estiner Katengeza

(Mula Blantyre Malawi kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Soma)

Si Estiner Katengeza ay nagtapos ng pag-aaral sa Unibersidad ng Tokyo at kasalukuyang nag-sasaliksik tungkol sa radyasyon sa research institute sa lunsod ng Minami Soma. Hindi tulad sa Tokyo dito ay dumarami ang oportunidad kong mag lakad, mag jogging, kumanta at kinaaaliwan ko ang pamumuhay sa masaganang kalikasan ng lunsod ng Minami Soma. Ito ang pakikipanayam kay Miss Estiner Katengeza na miyembro ng Minami Soma International Association at sa Malawi ay semiprofessional na manganganta.

(ZOOM interview petsa: Hunyo 20,2020)



- Ano ang dahilan ng pagpunta mo sa bansang Hapon?

Noong taon ng 2018 Abril ng matanggap ko ang scholar ng Ministry of Education Japan ako ay pumunta dito para pag aralan ang pang kapaligirang radyasyon. Ang bansang Hapon ay may kasaysayan tungkol sa radyasyon, at may karanasan noong maganap ang Great East Japan Earthquake kaya para sa akin ay napakainteresadong bansa.

- Papaano naiparating ang Great East Japan Earthquake sa Malawi?

Sa news sa TV ay ipinalabas kung gaano kasama ang pinsalang naidulot nito. At nagbasa ako ng iba't ibang artikulo para malaman ko ang buong detalye tungkol sa naganap na lindol.

- Puwede ba kaming makarinig tungkol sa kasalukuyan mong pananaliksik?

Sa Unibersidad ng Malawi ay nag aral ako tungkol sa Environmental Science at sa Unibersidad ng England ay nag-aral ako ng Medical Physics. Pagkatapos, upang maiugnay ang pag-aaral ko sa unibersidad at sa graduate school nag umpisa akong magsaliksik tungkol sa radyoaktibidad ng kapaligiran. Kasalukuyan mula sa rekomendasyon ng tagapamalakad ng Tokyo University, pinag aaralan ko ang pagsukat ng radyoaktibidad sa loob ng tubig. Sa tingin ko maraming mga tao ang may masamang pag aakala tungkol sa radyasyon ngunit malaki ang naitutulong nito sa ating pang araw-araw na pamumuhay tulad ng x-ray pag mag papacheck up, sa airport din ang pag tsek ng mga bagahe at iba pang bagay para sa ating kaligtasan.

- Kumusta ang iyong pamumuhay sa lunsod ng Minami Soma?

Ang unang taon ko ay nanirahan ako sa Tokyo, noong Abril ng 2019 ay lumipat ako sa lunsod ng Minami Soma. Nabigla ang kaibigan ko sa Malawi ng malamang naninirahan ako sa Fukushima, pero para sa akin ang pag tira ko sa prepektura ng fukushima ay malaki ang maitutulong para maipapahayag ko ang tamang impormasyon tungkol sa radiation sa aking mga kaibigan.

- Puwede bang malaman ang plano mo sa hinaharap.

Gusto kung mapalaganad ang teknolohiya ng enerhiya ng atomika tulad ng (pag gamit, edukasyon at pag-aaral)sa Malawi. Gusto ko ring gumawa ng music video sa bansang Hapon.

Scenes of Fukushima

Ika 2 International Board Game Competition

(lunsod ng Fukushima)

Isinagawa ng Fukushima International Association ang International Board Game Competition noong Hulyo 12 (lingo) sa Fukushima machinaka 「fukufuru」. Ito ay kompetisyon na habang naglalaro ng board game o card game ng iba't ibang bansa ay matututong magsalita ng banyagang wika. Mula sa sumali, madalang makita ng mga palaro ng Koreano at Alemanya dito sa Hapon kaya masaya akong nakapaglaro.



Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 📠 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

🌐 <http://www.worldvillage.org>

Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter https://twitter.com/fia_info

Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ng pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika. <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

May naukol sa 11 wika.

- Tanggapan sa pagtulong para sa mga dayuhang residente -

Hapon • Ingles • Intsik • Koreano •
Tagalog • Portugese • Vietnamese •
Thai • Nepal • Indonesia • Espanyol

**Lingo-linggo mula Martes~Sabado
alas 9:00 a.m~5 : 15 p.m.**

Paki padala po ang inyong comments o panukala

Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay impormasyon tungkol sa mga taong gustong mainterview.

